
3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Kabahagi Ako sa Pag-unlad ng Aking Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Kabahagi Ako sa Pag-unlad ng Aking Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat :** Mae P. Rayos

**Editor:** Maximo R. Embodo, Merlyn M. Lanoza, Marilyn Madera

**Tagasuri:** Rosemarie T. Realino, Rheex G. Castor, Guillesar P. Villarente, Ramon S. Gravino Jr.

**Tagaguhit:** Cris C. Aquino, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae A. Caduyac, Eduardo, Jr., A. Eroy, Jules Bernard G. Guinita, Marvin P. Linogao, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C. Marimon, Ryan R. Padillos, Nylle Ermand D. Silayan

**Tagapaglapat:** Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores

**Tagapamahala :**

| | |
|---|---|
| Evelyn R. Fetalvero | Nelson C. Lopez |
| Janette G. Veloso | Cheerylyn A. Cometa |
| Analiza C. Almazan | Christopher P. Felipe |
| Danilo R. Dahinog | Liza Leonora D. Dacillo |
| Ma. Cielo D. Estrada | Alicia I. Ayuste |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Kabahagi Ako sa Pag-unlad ng Aking Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan - Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Kabahagi Ako sa Pag-unlad ng Aking Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang

hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa Mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan-Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Kabahagi Ako sa Pag-unlad ng Aking Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

*Tuklasin*

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng  gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

| | |
|---|---|
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay mahalaga upang magkaroon ka ng batayang kaalaman sa lahat ng proyekto ng pamahalaan na kinabibilangan ng lalawigan.

May mga gawaing nakatutulong sa pagkakaisa, kaayusan, at kaunlaran ng sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon at ang unang mabibiyaan ay ikaw bilang kasapi ng lalawigan. Kaya dapat bigyan ng suporta ang mga proyekto sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga layunin nito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakalalahok sa mga gawaing nakatutulong sa pagkakaisa,kaayusan at kaunlaran ng sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon(AP3EAP-IVi-16)

2. natatalakay ang mga proyekto ng namumuno na nakabubuti sa kinabibilangang lalawigan;

3. naipakikita ang mga gawaing nakatutulong sa pagkakaisa, kaayusan, at kaunlaran ng sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon sa pamamagitan ng iba't ibang sining; at

4. napupuri ang mga proyekto ng namumuno na nakabubuti sa kinabibilangang lalawigan.

# Subukin

Basahing mabuti ang mga pangungusap at sagutin ang tanong. Isulat ang titik ng wastong sagot sa sagutang papel.

1. Si Aling Nelia ay mahilig magluto. Nais niyang mapalawak pa ang kanyang kaalaman sa pagluluto. Ano ang nararapat niyang gawin?
   a. Manood ng programa tungkol sa pagsasaka.
   b. Sumali sa mga programa tungkol sa pagluluto.
   c. Magbasa ng mga aklat tungkol sa pagtatanim.
   d. Pagtuunan ng pansin ang pag-aalaga ng manok.

2. Ang Davao City ay may pagdiriwang na ginagawa taon-taon, ito ang paraan nila ng pasasalamat sa masaganang ani at pagpapakita ng kanilang kultura. Ito ay tinatawag na.
   a. Sinulog
   b. Kadig'aran
   c. Kadayawan
   d. Sambuokan

3. Ang mga kasapi ng bantay- dagat ng Barangay Baybay ay tulong-tulong sa pagpapanatili ng kaligtasan at kalinisan ng karagatang nasasakupan nito. Ano ang layunin ng kanilang samahan?
   a. Pagpapaunlad sa sarili
   b. Pagpapaunlad sa kultura
   c. Pangangalaga sa pinagkukunang yaman
   d. Wastong paggamit sa kalakal at paglilingkod

4. Nasa loob ng **department store** sina Lucy at Liza dahil gusto nilang mamili ng mga produktong Pinoy. Anong tungkulin ang kanilang pinapakita?
   a. Pagtangkilik sa sariling produkto
   b. Pangangalaga sa pangkabuhayan
   c. Pagpapanatili at pagpapaunlad ng sariling kultura
   d. Wastong paggamit ng kalakal at paglilingkod

5. Habang nagsisipilyo si Andrew, gumagamit siya ng baso at sinasarado nang maayos ang gripo kung hindi na ito ginagamit. Ito ay nagpapakita ng __________.
   a. Pagpapaunlad sa sarili
   b. Pagtangkilik sa sariling produkto
   c. Pangangalaga sa pinagkukunang yaman
   d. Wastong paggamit ng kalakal at paglilingkod

# Aralin 1 — Kabahagi Ako sa Pag-unlad ng Aking Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon

Ang batang katulad mo ay may magagawa upang maging kabahagi sa pag-unlad ng iyong lalawigan at iyan ang tatalakayin ng aralin na ito.

## *Balikan*

Sa nakalipas na aralin, napag-usapan ang tungkol sa mga proyekto ng pamahalaan at isa na rito ang proyektong **zero waste management.**

Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Sa tingin mo nakakatulong ba ang proyektong ito sa mga mamamayan?
2. Paano ka makatutulong sa proyektong ito?

*Mga Tala para sa Guro*

Mahalagang unawain ang mga gagawing pagbasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at maging magaan ang mga nakalaang gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay sa paggamit nito at matiyak na makamit ang mga layunin sa pagkatuto.

# *Tuklasin*

Ang bawat mamamayan ng isang lalawigan ay mayroong mga tungkuling dapat gampanan upang makatulong sa pagpapaunlad ng lalawigang kinabibilangan. Pag – aralan ang bawat isa.

**Pagpapaunlad ng Sarili**



Photo Credits to: Ann Marie D. Magdayao

Ang bawat pamayanan ay nangangailangan ng malusog at produktibong mamamayan upang magkaroon ng maayos na serbisyo at kalakal. Ang pagkain ng masustansiyang pagkain, pag-eehersisyo, at ang pag iwas sa mga gawaing nakasasama sa sarili ay ilan lamang sa maaring gawin upang maging malusog ang pangangatawan.  Ang pagkakaroon ng karagdagang pag-aaral at kaalaman ay nakatutulong upang mas lalong maging produktibo ang isang mamamayan.

## Pangangalaga sa Pinagkukunang Yaman



Ang kalupaan at katubigan sa sariling lalawigan ay dapat lamang na pangalagaan. Maraming kapakinabangan ang mga yaman na ito. Sa katubigan nanggagaling ang mga isda, iba't-ibang yamang tubig, tubig na maiinom, at marami pang iba. Ang hindi pagtatapon ng mga basura, kimikal at iba pang dumi ay ilan lamang sa mga paraan upang ang katubigan ay maalagaan.

## Wastong Paggamit ng Kalakal at Paglilingkod



Araw-araw gumagamit tayo ng iba't ibang produkto at serbisyo. Halimbawa, nagluluto tayo araw-araw gamit ang kahoy, uling, gas, o koryente. Sumasakay tayo sa mga sasakyan na gumagamit ng gasolina. Ang wastong paggamit at hindi pag-aaksaya sa mga ito ay nakatutulong sa pag-unlad ng isang lalawigan.

## Pagtangkilik sa Sariling Produkto





Photo Credits to: Antonio T. Sereguine, Jr.

Malaking tulong sa mga negosyante gayundin sa mga manggagawa kung binibili o tinatangkilik ang mga produkto ng sariling lalawigan.

Ito ay nakatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya at ang mga mamamayan ang unang makikinabang. Ang Lungsod ng Digos sa Davao del Sur ay kilala sa paggawa ng iba't ibang produktong gawa sa luwad tulad ng palayok, paso,at marami pang iba. Ang iba't ibang produktong ito ay umaabot na rin sa ibang rehiyon.

### Pagpapanatili at Pagpapaunlad ng Sariling Kultura



Photo Credits to: Sunshine D. Basirul

Ang bawat lalawigan at rehiyon ay may iba't ibang sariling kultura at pagdiriwang. Isa na rito ang Kadayawan Festival ng Lungsod ng Davao isang paraan ng pasasalamat sa masaganang ani na biyaya ng Maykapal. Ang Bulawan Festival naman ay nagpapakita ng mga produkto ng Davao de Oro na tanyag sa kanilang industriya ng pagmimina.

Ang mga lalawigan ng Davao Region ay kakikitaan ng maunlad na kultura bunga ng kanilang mga industriya at iba pang produkto na sagana sa kanilang lugar.

## *Suriin*

Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa papel.

1. Sa papaanong paraan ka makatutulong sa pagpapaunlad ng mga proyekto ng iyong lalawigan?

2. Sa pagpili ng produktong bibilhin, alin ang mas pipiliin mo; ang produktong gawa sa Pilipinas o produktong gawa sa ibang bansa? Bakit?

3. Sa iyong palagay, ano ang mangyayari sa isang lalawigang suportado ng mga mamamayan ang mga proyekto ng kanilang pamahalaan?

## Pagyamanin

Gawain 1

Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin sa loob ng kahon ang tungkuling tinutukoy nito. Isulat ang titik sa iyong sagutang papel.

| |
|---|
| a. Pagpapaunlad sa Sarili |
| b. Pangangalaga sa Pinagkukunang Yaman |
| c. Wastong Paggamit ng Kalakal at Paglilingkod |
| d. Pagtangkilik sa Sariling Produkto |
| e. Pagpapanatili at Pagpapaunlad ng Sariling Kultura |

_____1. Pagbili ng mga produktong gawa sa ating bansa.
_____ 2. Pagdiriwang ng mga kapistahan sa mga lalawigan.
_____ 3. Pagpapanatiling malinis ang pinagkukunan ng tubig.
_____ 4. Pagkain ng masustansyang pagkain.
_____ 5. Wastong paggamit ng kuryente.

Gawain 2

Isulat ang titik T kung ang pahayag ay tama at titik M kung ito ay mali. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

_____1. Mas nahuhumaling sa mga produktong gawa sa ibang bansa kaysa gawa rito sa atin.
_____2. Nag- aaral nang mabuti ang mga mag-aaral.
_____3. Itinatapon ang basura sa dagat.
_____4. Maayos na paggamit ng mga produkto tulad ng **shampoo** at sabon.
_____5. Lumalahok sa mga programa tungkol sa pagpapaunlad sa sariling kultura.

Gawain 3

Piliin ang mga pangungusap na nagpapahayag ng gawain ng kasapi na nakikiisa sa proyekto ng pamahalaan. Isulat ang mga napiling titik sa sagutang papel.

a. Ipagmalaki ang sariling bansa.
b. Sumasali sa pa-**zumba** ng bayan tuwing Linggo ng hapon.
c. Inaaksaya ang tubig at kuryente.
d. Itinapon sa ilog ang patay na hayop.
e. Tumutulong sa " Basura Mo, Sagot Mo" na proyekto ng barangay.

Gawain 4

Piliin ang larawang nagpapakita ng mga gawaing nakatutulong sa pag-unlad ng sariling lalawigan. Isulat ang titik sa iyong sagutang papel


a. 

b. 

c. 

d. 

e. 

f. 

Gawain 5

Suriing mabuti ang bawat larawan. Isulat sa sagutang papel ang gawaing ipinapakita sa bawat larawan na nakatutulong sa pag-unlad ng isang lalawigan.

1.  ______________________________

Photo Credits to: Sunshine D. Basirul

2.  ______________________________

Photo Credits to: Jeffrey J. Sabado

3.  ______________________________

Photo Credits to: Sunshine D. Barisul

4.  ______________________________

5.  ______________________________

Photo Credits to: Jeffrey J. Sabado

# Isaisip

Ang mga gawaing nakatutulong sa pagkakaisa, kaayusan, at kaunlaran ng sariling lalawigan at kinabibilangang lalawigan ay ang mga sumusunod:

1. Pagpapaunlad sa sarili
2. Pangangalaga sa pinagkukunang yaman
3. Wastong paggamit ng kalakal at paglilingkod
4. Pagtangkilik sa sariling produkto
5. Pagpapanatili o pagpapaunlad ng sariling kultura

# Isagawa

Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa papel.

1. Bakit may mga proyekto ang pamahalaan?
2. Paano nakatutulong ang mga proyektong ito sa sariling lalawigan?
3. Sa papaanong paraan mo maipapakita ang pakikiisa mo sa mga proyekto ng pamahalaan?
4. Sa iyong palagay, ano ang mga katangian ng isang kasapi ng lalawigan na nakikiisa sa mga proyektong ito?

# Tayahin

Basahin ang mga pangungusap at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Pinili ang produktong gawa sa lalawigan.
   a. Pagpapaunlad sa sarili
   b. Pagtangkilik sa sariling produkto
   c. Pag-aalaga sa pinagkukunang yaman
   d. Pagpapanatili at pagpapaunlad sa sariling kultura

2. Libreng bakuna sa mga bata.
   a. Pagpapaunlad sa sarili
   b. Pagtangkilik sa sariling produkto
   c. Pag-aalaga sa pinangkukunang yaman
   d. Pagpapanatili at pagpapaunlad sa sariling kultura

3. Sumali sa **tree planting** na isinusulong ng Sangguniang Kabataan Federation.
   a. Pagtangkilik sa sariling produkto
   b. Pangangalaga sa pinagkukunang yaman
   c. Wastong paggamit ng kalakal at paglilingkod
   d. Pagpapanatili at pagpapaunlad ng sariling kultura

4. Pagkuha ng saktong dami ng pagkain at ang hindi pag- aaksaya nito.
   a. Pagpapaunlad sa sarili
   b. Pagtangkilik sa sariling produkto
   c. Pangangalaga sa pinagkukunang yaman
   d. Wastong paggamit ng kalakal at paglilingkod

5. Ang pagdiriwang ng Bulawan Festival ng Davao de Oro.
   a. Pagtangkilik sa sariling produkto
   b. Pangangalaga sa pinagkukunang yaman
   c. Wastong paggamit ng kalakal at paglilingkod
   d. Pagpapanatili at pagpapaunlad ng sariling kultura

# Karagdagang Gawain

Hanapin sa diksyunaryo ang kahulugan ng mga sumusunod na salita at isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. kalakal
2. kultura
3. proyekto
4. produkto
5. rehiyon

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. B
2. C
3. C
4. A
5. D

**Balikan**

Maaring magkaiba ang sagot.

**Suriin**

Maaring magkaiba ang sagot.

**Pagyamanin**

GAWAIN 1

1. D
2. E
3. B
4. A
5. C

GAWAIN 2

1. M
2. T
3. M
4. T
5. T

GAWAIN 3

A
B
E

GAWAIN 4

A
C
D
F

GAWAIN 5

1.Pagpapaunlad sa sarili

2.Pagpapanatili at pagpaunlad sa sariling kultura

3.Pangangalaga sa pinagkukunang yaman

4.Wastong paggamit ng kalakal at serbisyo

5.Pagtangkilik sa sariling produkto

**Tayahin**

1. B
2. A
3. B
4. D
5. D

**Karagdagang Gawain**

1. kalakal – produktong maaring pagkakitaan o paninda
2. kultura- kaparaanan ng mga tao sa buhay
3. proyekto- balak o plano
4. produkto- isang bagay na ginawa upang maibenta o bagay na maaring gamitin ng tao
5. rehiyon- pang-administratibong paghati-hati ng mga kalupaan

# *Sanggunian*

Gabay Pangkurikulum AP3EAP-IVi-16 pp.83

Thea Joy G. Manalo, Charity A. Capunitan, Walter F. Galaraso, at Rodel C. Sampang /Unang Edisyon 2015/ Araling Panlipunan 3 Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya pp. 487-495

Alma M. Dayag / Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 3 pp.405-423

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph